



SPIRITUALGIFTSTEST.COM

TEST NG KALOOB NG ESPIRITU YOUTH

Paano kukunin ang test na ito:

Sagutin ang bawa't pangungusap sa ibaba ayon sa kung sino ka, hindi kung sino ang dapat kang maging. Gaano katotoo ang mga pangungusap na ito tungkol sa iyo? Ano ang iyong mga karanasan? Ano ang sinasabi ng iba sa iyo? Sa anong degree naglalarawan ang mga pangungusap na ito tungkol sa iyong mga karaniwang ginagawa? Ang survey na ito ay may 77 tanong at ang bawat isa ay napakahalaga, kaya't sikaping huwag makaligtaan ang alinman sa mga ito. Kapag tapos ka na, gamitin ang scoring sheet sa hulihan nito upang makita kung ano ang iyong mga spiritual gifts.

Tumugon sa bawat pangungusap ayon sa sumusunod na 0-5 point scale:

- 0 = Hindi kailanman; Hindi totoo
 - 1 = Hindi karaniwan; Bihirang totoo
 - 2 = Paminsan-minsan; Totoo kung minsan
 - 3 = Kalahati ng pagkakataon; Karaniwang totoo
 - 4 = Pangkaraniwan; Maraming beses na totoo
 - 5 = Sa lahat ng oras; Laging totoo
-

Simula:

1. _____ Kaya kong i-organize ang aking mga kaibigan o kaeskuwela upang tuparin ang layunin o gawain.
2. _____ Nasasabi ko kung ang isang pangungusap ay galing sa Biblia o hindi.
3. _____ Mayroon akong mabuting pagkaunawa sa Ebanghelyo, at madali ko itong naibabahagi sa iba.
4. _____ Naniniwala akong ang bawa't isa ay nangangailangan ng encouragement sa buhay na ito, at nasisiyahan akong ibigay iyon.

5. ____ Mayroon akong matibay na paniniwala na ang Dios ay personal at malalim na nakasangkot sa aking buhay.
6. ____ Hindi ko ginagastos ang aking pera sa mga bagay na hindi ko kailangan upang mas marami akong maipagkaloob sa Dios.
7. ____ Mayroon akong malaking pangarap na iukol ang aking buhay para sa Dios.
8. ____ Mayroon akong pagkahabag para sa mga nagdaranas ng paghihirap sa kanilang buhay.
9. ____ Lagi akong nananalangin para sa ibang tao.
10. ____ Nag-e-enjoy akong gawin ang mga tungkuling pang-araw-araw na sumusuporta sa iba't-ibang ministryo ng iglesia.
11. ____ Nag-uukol ako ng maraming oras sa pag-aaral ng Biblia upang magkaroon ako ng pagkakaiba sa buhay ng iba.
12. ____ Madali akong nakagagawa ng plano at naisasagawa iyon upang matapos ang isang gawain.
13. ____ Maingat kong pinakikinggan ang sinasabi at itinuturo ng ibang tao upang malaman kung ito ay totoo o hindi.
14. ____ Nabibigatan ang aking puso para sa mga naliligaw dahil wala sa kanila si Cristo.
15. ____ Kapag nakakikita ako ng taong discouraged/nawawalan ng pag-asa, Ipinaaalala ko sa kanila kung gaano kadakila ang Dios at kung paano Siya nangako na sila'y Kanyang aalagaan.
16. ____ Lubos akong nagtitiwala sa Dios na sasagot sa aking mga panalangin ayon sa Kanyang perpektong kalooban.

17. ____ Ikinatutuwa kong magkaloob ng pera upang tulungan ang iglesia sa pagbabahagi ng Ebanghelyo.
18. ____ Gusto kong magset ng mga layunin o goals, abutin ang mga iyon, kahit pa may mga tumututol dito.
19. ____ Nakikita ko ang mga maysakit at naghihirap bilang sila ang higit na nangangailangan ng pag-ibig at kalinga na iniaalok ni Jesus.
20. ____ Nasisiyahan akong tumulong sa iba na matuto at lumago sa kanilang pananampalataya.
21. ____ Natutuwa akong mag-volunteer na tumulong sa iglesia lalo na kapag alam kong makatutugon iyon sa praktikal na pangangailangan.
22. ____ Kapag itinuturo ko ang Biblia, nagiging interesado ang mga tao at gusto pa nilang matuto.
23. ____ Kapag ako'y nasa grupo, malinaw kong nakikita kung paano ang bawa't isa ay makikibahagi upang sama-samang matupad ang goal.
24. ____ Madali kong masabi kung ang isang tao ay nagpapanggap o nagkukunwari.
25. ____ Lagi akong humahanap ng mga pagkakataon upang magkaroon ng relasyon sa mga hindi Kristiyano.
26. ____ Nararamdaman ko ang udyok/pagtulak saakin ng Dios upang i- inspire ang mga taong hindi lumalago sa kanilang pananampalataya.
27. ____ Alam ko na ang Dios ay darating kahit hindi ko nakikita kung paano Niya iyon gagawin.
28. ____ Natutuwa ako na malaman na kapag ako'y nagkakaloo sa Iglesia, natutulungan ang mga tao at malalaman nila ang tungkol kay Jesus.

29. ____ Hindi ako natatakot na humarap sa hamon upang isulong ang kaharian ng Dios.
30. ____ Mayroon akong malalim na malasakit sa mga naghihirap/ nasasaktan/ nagdurusa at nais ko silang tulungan sa kanilang paghihirap.
31. ____ Napakahalaga sa akin ng mga relasyon. Ako ay tunay na “people person.”
32. ____ Nais kong manatili sa “background” at hindi ko kailangan ang pagkilala kapag ako’y naglilingkod sa iglesya.
33. ____ Natutuwa akong magpaliwanag ng mga bagay sa mga tao upang sila’y lumago sa buhay espirituwal at sa kanilang sarili.
34. ____ Ino-organize ko ang bagay-bagay upang maging mas maayos ang takbo ng aking buhay.
35. ____ Madali akong nakapagpapasya kapag mayroong masama o di-mabuting impluwensiya sa isang sitwasyon.
36. ____ Nasisiyahan akong mag-memorize ng mga talata sa Biblia upang maibahagi sa mga taong hindi pa nakakikilala kay Jesus bilang kanilang sariling Tagapagligtas.
37. ____ Hindi ako natatakot na hamunin ang isang tao kapag alam kong ito’y makaka-inspire ng paglagong espirituwal at katapangan sa kanilang buhay.
38. ____ Matapang akong lalabas nang may pananampalataya kapag nararamdaman ko na sinasabi sa akin ng Dios na gawin ko ang isang bagay.
39. ____ Kahit na ibinibigay ko ang malaking bahagi ng aking tinatangkilik sa Dios, pinagpapala pa rin Niya ako ng higit pa sa aking mgapangangailangan.
40. ____ Ikinatutuwa kong tulungan ang iba upang lumago sa kanilang mga espirituwal na kaloob at kakayahan.

41. _____ Nasaya akong tumulong sa mga tao sa kanilang mga suliranin sa buhay at ipakita sa kanila ang malasakit/compassion na ginawa ni Jesus.
42. _____ Nagmamasakit ako sa iglesia at nais ko itong lumago at matatag sa pag-ibig.
43. _____ Naglalaan ako ng oras at gumagawa ng paraan upang tulungan ang mga nangangailangan sa aking paligid.
44. _____ Ikinagagalit ko kapag may taong gumagamit ng talata sa Biblia nang wala sa konteksto para sa kanilang pansariling kapakinabang.
45. _____ Mahalaga sa akin ang mga detalye kapag ako'y nagtatrabaho sa anupamang bagay.
46. _____ Karaniwan, nasasabi ko kapag ang isang tao ay nagiging deceitful o dishonest, hindi nagiging matapat, bago pa man iyon malaman o makita ng iba.
47. _____ Ikinatutuwa kong ibahagi sa iba kung ano ang ginawa ni Cristo sa aking buhay at kung paano Niya ako binago.
48. _____ May mga nagsabi na sa akin na ang aking encouraging na mga salita ay nakatulong sa kanila para lumabas at lumago sa kanilang pananampalataya.
49. _____ Kahit sa panahon ng kahirapan, nagtitiwala ako na ang Dios ang kakalinga sa akin at magkakaloob ng lahat ng aking mga pangangailangan.
50. _____ Nais kong malugod ang Dios sa paraan ng paggamit ko ng aking pera.
51. _____ Madalas akong hinahanap ng mga tao upang manguna sa isang grupo o sa isang proyekto sa paaralan o sa iglesia.
52. _____ Kilala ako sa pagiging “mapagkalinga” at tumutulong sa iba sa panahon ng kanilang pangangailangan.

53. _____ Nais kong makita ang bawa't isa sa iglesya na tumutupad sa Great Commission.
54. _____ Kapag may nakikita akong pangangailangan sa iglesya, tinutugunan ko iyon at hindi na ako kailangan pang sabihan.
55. _____ Nakikinig akong mabuti sa mga salitang ginagami ng mga tao dahil ang bawa't salita ay mahalaga at may kahulugan.
56. _____ Alam ko kung paano gamitin ang aking oras upan g matapos ang aking mga gawain sa araw-araw.
57. _____ Nakikita ko nang simple ang mga bagay-bagay bilang mabuti o masama, tama o mali, totoo o hindi totoo.
58. _____ Nararamdaman ko na kailangan kong sabihin sa aking mga kaibigan ang tungkol kay Jesus, lalo na sa mga hindi dumadalo sa iglesya.
59. _____ Kapag ang mga tao ay nahaharap sa mabibigat na suliranin, buong tiwala kong tinitiyak sa kanila ang katapatan ng Dios sa Kanyang mga nilikha.
60. _____ Hindi ako madalas na nag-aalala dahil alam ko na malakas ang Dios at tutulungan Niya akong malampasan ang bawa't problema.
61. _____ Humahanap ako ng mga paraan upang personal na tumulong sa mga mahihirap at nangangailangan.
62. _____ Hindi ako natatakot na tumayo at manguna sa isang mahirap na sitwasyon.
63. _____ Hinahanap ko ang mga "walang kumakalinga/outcasts" at tinutulungan silang muling buuin ang kanilang buhay.
64. _____ Ang Ebanghelyo ni Cristo Jesus ang pinakamahalagang bagay sa aking buhay at ministryo.

65. ____ Naniniwala akong may panghabang panahong kahalagahan ang pagtupad sa mga ordinaryong gawain sa iglesya.
66. ____ Kapag ako’y nag-aaral ng Biblia, lagi akong nakatutuklas ng mga bagong interesting na mga bagay tungkol sa Ebanghelyo.
67. ____ Ang aking silid ay laging malinis at nasa ayos.
68. ____ May nagsasabi sa akin na ako raw ay mabuting kumilatis/ humatol sa ugali/katauhan ng iba.
69. ____ Karamihan sa mga pakikipag-usap ko sa mga hindi mananampalataya ay nauuwi sa aking pagsasalita patungkol sa aking pananampalataya kay Jesus.
70. ____ Kapag nakakikita ako ng mga taong nadadapa sa kanilang pananampalataya, ini-encourage ko silang alalahanin ang ginawa ng Dios at bumalik sa kagalakan na iniaalok Niya sa atin.
71. ____ Lagi kong ini-encourage ang iba na magtiwala sa Dios sa lahat ng bagay.
72. ____ Kapag nakatatanggap ako ng suweldo o allowance, ang unang ginagawa ko ay itanong sa Dios kung ano/magkano ang nais Niyang ibigay ko.
73. ____ May binibigyan ko ng pansin ang malaking larawan sa halip na ang maliliit na detalye.
74. ____ May mga nagsabi sa akin na na-comfort ko sila sa panahong “hinang-hina” sila sa kanilang buhay.
75. ____ Hindi ko hinahanap ang maging “bida”, subalit naniniwala akong inihahanda ako ng Dios upang magministeryo sa iba.
76. ____ Natutuwa akong maging katulong at umagapay sa iba sa kanilang mga ministeryo.

77. _____ Madalas na ibinibigay ng Banal na Espiritu ang tamang salita na dapat sabihin kapag ako’y may itinuturo.

Paraan ng Pagbibigay ng Score:

Isulat ang iyong score (mula 0-5) para sa bawat tanong sa kahon na may bilang ng tanong. Pagsama-samahin ang score sa bawat column at isulat ang iyong kabuuang score sa itaas ng kaugnay na Gift Code. Pagkatapos mong gawin ito, maaari mong i-tsek ang listahan sa ibaba upang makita kung ano ang spiritual gift na kahulugan ng bawat Gift Code. Ang pinakamataas na maaaring score sa alinmang gift ay 35. Mas mataas ang score, mas malakas ka sa spiritual gift na iyon base sa iyong mga naging tugon.

Scoring Matrix

	1	2	3	4	5	6	7	8	9	10	11
	12	13	14	15	16	17	18	19	20	21	22
	23	24	25	26	27	28	29	30	31	32	33
	34	35	36	37	38	39	40	41	42	43	44
	45	46	47	48	49	50	51	52	53	54	55
	56	57	58	59	60	61	62	63	64	65	66
	67	68	69	70	71	72	73	74	75	76	77
Total Scores											
Gift Codes	Ad	Di	Ev	Ex	Fa	Gi	Le	Me	Pa	Se	Te

Gift Codes:

Ad = Administrasyon o
Pamamahala

Di = Pagintindi o Pansensya

Ev = Ebanghilyasyon o
Ebanghelyo

Ex = Himukin o Paghikayat

Fa = Pananampalataya o
Pagtitiwala

Gi = Pagbibigay o Handog

Le = Pamumuno o Lider

Me = Awa o Maawain

Pa = Pastor o Pastol

Se = Paglilingkod o Serbisyo

Te = Pagtuturo o Guro